## Mga rate ng kontribusyon

Ang rate sa pagkakasapi sa Usdaw ang isa sa mga pinakamababa sa kilusan ng unyon ng manggagawa, kung saan nagbibigay ng primera-klaseng mga benepisyo at propesyonal na serbisyo sa kaunting penny lang sa bawat araw.

## Para sa higit pang impormasyon o upang sumali sa Usdaw:

- Makipag-ugnayan sa iyong kinatawan ng Usdaw
- Makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong lokal na Usdaw
  **0800 030 80 30**
- Bisitahin ang aming website sa
  **www.usdaw.org.uk**

Ang impormasyon sa leaflet na ito ay wasto sa petsa ng pagkakalimbag – 04/2024.

Inilathala ng Usdaw
Voyager Building
2 Furness Quay
Salford Quays
Manchester M50 3XZ

# Pakiramdam Mo Ba Ay…

## Naiiba Ka?

## Hindi ka ba sigurado sa iyong mga karapatan sa trabaho?

## Gusto mo ba ng tulong upang matuto ng wikang Ingles?

## Makakatulong ang Usdaw – kami ang iyong unyon ng manggagawa.

USDAW

Anim na magandang dahilan kung bakit dapat kang sumali sa Usdaw

Tagalog

– ang iyong unyon ng manggagawa.

# Anim na magandang dahilan kung bakit dapat kang sumali sa Usdaw...

1. Tinutulungan namin ang aming mga miyembrong malaman ang tungkol sa kanilang mga karapatan sa trabaho. Halimbawa, alam mo bang may karapatan ka sa:

   – Pinakamababang sahod para sa mga nasa hustong gulang. Tumataas ito bawat taon at simula noong ika-1 ng Abril 2024, ito ay naging:

     £11.44 bawat oras para sa 21 taong gulang pataas
     £8.60 bawat oras para sa 18-20 taong gulang
     £6.40 bawat oras para sa 16-17 taong gulang

   – 28 araw na may bayad na bakasyon sa isang taon (para sa isang taong nagtatrabaho nang 5 araw sa isang linggo).

   – 11 oras na pahinga araw-araw.

   – Karamihan ng mga manggagawa ay may karapatang mabayaran sa araw ng pagkakasakit makaraang magkasakit nang tatlong araw.

2. Ipinararating namin ang mga problema ng aming mga miyembro sa pangasiwaan at kinakatawan ka sa mga pagdinig para sa pagdidisiplina.

3. Nagbibigay kami sa aming mga miyembro ng LIBRENG legal na payo at pagkatawan sa kaganapan ng aksidente sa trabaho, hindi patas na pagkakatanggal at pandidiskrimina.

4. Natutulungan namin ang aming mga miyembrong makakuha ng access sa LIBRENG pagsasanay sa iba’t ibang paksa, kabilang ang mga kasanayan sa Ingles, Matematika, at computer.

5. Naglulunsad kami ng kampanya laban sa pandidiskrimina batay sa lahi at nagsusulong ng pantay na pagtrato sa lahat ng manggagawa.

6. Pinagsisikapan naming mapahusay ang sahod at kalagayan sa trabaho ng aming mga miyembro.

- Maaaring sumali ang kahit na sino sa aming unyon ng manggagawa.
- Mayroon kang legal na karapatang sumali sa isang unyon ng manggagawa.
- Hindi mo kailangang sabihin sa iyong employer na miyembro ka ng isang unyon ng manggagawa.
- Labag sa batas para sa sinumang diskriminahin ka dahil isa kang miyembro ng unyon ng manggagawa.